Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Ms. Oli

Basahin at Unawain



# Bag ni Bitoy

Si Bitoy ay may bagong bag. Bigay ito ng kaniyang tito. Kulay asul ang bag ni Bitoy. Malaki at maganda ito. Gagamitin niya ito sa pagpasok sa paaralan.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang may bagong bag?

_______________________________________________

2. Sino ang nagbigay ng bag ni Bitoy?

_______________________________________________

3. Ano ang kulay ng bag?

_______________________________________________

4. Saan niya ito gagamitin?

_______________________________________________

Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Ms. Oli

Basahin at Unawain



# Lolo at Lola

Sina lolo at lola ay matatanda na. Sila ay nakatira malapit sa dagat. Ang paborito nilang pagkain ay gulay at isda. Ito ang nagbibigay sa kanila ng lakas.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

______________________________

2. Saan nakatira sina lolo at lola?

______________________________

3. Ano ang paborito nilang pagkain?

______________________________


4. Ano ang dulot ng gulay at isda sa kanilang katawan?

______________________________

Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Ms. Oli

Basahin at Unawain



# Mahusay na Bata

Si Helena ay isang mahusay na bata. Siya ay mahusay umawit, gumuhit at tumula. Lagi siyang sumasali sa mga paligsahan. Hanga sa kaniya ang kaniyang mga guro at kamag-aral.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang mahusay na bata?

______________________________

2. Saan mahusay si Helena?

______________________________

3. Ano ang sinasalihan niya?

______________________________

4. Sino-sino ang hanga sa kaniya?

______________________________

Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Ms. Oli

Basahin at Unawain



# Nanay at Tatay

Sina Nanay Nena at Tatay Roberto ang mga magulang ko. Sila ay mapagmahal sa mga anak. Sila rin ay matulungin sa kapwa. Hanga ako sa kanilang kabutihan.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pangalan ni Nanay?

_______________________________________________

2. Ano ang pangalan ni Tatay?

_______________________________________________

3. Sila ba ay mapagmahal?


_______________________________________________

4. Bakit sila dapat hangaan?

_______________________________________________

Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Basahin at Unawain




# Manok ni Rosa

Si Rosa ay may alaga. Ang alaga niya ay manok. Ang inahing manok niya ay kulay puti. May lima itong sisiw. Araw-araw pinakakain ni Rosa ang kaniyang alaga.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang may alaga?

___________________________________________

2. Ano ang alaga niya?

___________________________________________

3. Ano ang kulay ng alaga niya?

___________________________________________

4. Ilan ang sisiw ng inahing manok?

___________________________________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*


FUN TEACHER FILES

Pangalan: ______________________________ Iskor:______

Ms. Oli

Basahin at Unawain

# Palaka sa Sapa



Nasa sapa si Ben. Nakakita siya ng palaka. Ang palaka ay kulay berde. Malakas tumalon ang palaka. Tumalon ito at nagtago sa likod ng bato.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang nasa sapa?

_______________________________________________

2. Ano ang nakita niya?

_______________________________________________

3. Ano ang kulay ng palaka?

_______________________________________________

4. Saan ito nagtago?

_______________________________________________

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES